Republic of the Philippines
Department of Education
Cordillera Administrative Region
SCHOOLS DIVISION OF ABRA
Bangued, Abra

July 23, 2018

MEMORANDUM PANSANGAY
BLG **193** ,S. 2018

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punong-Guro/Tagapamahala ng mga Paaralan
Pampubliko at Pribadong Paaralan sa Elementarya at Sekondarya

1. Batay sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s. 2018, ang taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 ay may temang "Filipino: Wika ng Saliksik" sa taong ito. Kaugnay nito, ang Dibisyon ng Abra ay magdadaos ng iba't ibang patimpalak na may kaugnayan sa tema na gaganapin sa ika-21 ng Agosto, 2018 sa Bangued West Central School.

2. Layunin ng pagdiriwang na ito na:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang mga iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programa tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at pansibiko; at
c. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. Filipino: Kasangkapan sa Pambansang Karunungan;
b. Kayamanang Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika Natin;
c. Filipino, Isang Dakilang Pamanang-Bayan; at
d. Intelektuwalisasyon ng Filipino, Para sa Kaunlaran ng Bansa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Ang mga kalahok sa pansangay na patimpalak ay ang mga nanalo ng unang gantimpala sa lahat ng mga paaralang sekondarya at sampung (10) punong distrito sa elementarya.

6. Kalakip din sa memorandum na ito ang mga Mekaniks at tamang pormas ng pagpaparehistro.

7. Ang gastusin sa pamasahe, rehistrasyon na Php. 20.00 sa kots, Php 10.00 sa bawat mag-aaral at iba pang gastusin na may kaugnayan sa pagdalo ay manggagaling sa pondo ng paaralan o anumang ibang maaaring pagkunan ng pondo alinsunod sa mga panuntunan ng pagsusuma at pag-oodit.

8. Hinihiling ang agarang paghahatid sa kinauukulan ang Memorandum na ito.

AMADOR D. GARCIA, Ph. D.
Nanunungkulan
Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip Bilang _____ sa Memorandum Pansangay Blg. ______, s. 2018

MEKANIKS (Pamantayan ng mga Gawain Kaugnay sa Buwan ng Wikang Pambansa)

1. Ang paligsahan ay magaganap sa Agosto 21, 2018 Martes sa ganap na ikawalo (8:00) ng umaga hanggang sa ikalima (5:00) ng hapon sa Bangued West Central School.
2. Ang mga kalahok sa Elementarya ay ang mga nagkamit ng unang pwesto mula sa sampung (10) punong distrito. Para sa Sekondarya, hinihikayat ang lahat na magpadala ng isang kalahok sa bawat patimpalak ang lahat ng mga paaralan. Ang bawat kalahok sa punong distrito/paaralan ay kinakailangang magparehistro sa Agosto 20, 2018. Sa pagpaparehistro, makipag-ugnayan lamang kay Gng. Fatima Ava A. Batondo gamit ang tamang pormas. Ang mga kalahok sa bawat distrito sa Elementarya ay kinakailangang minsanan lamang ang pagpapatala sa kadahilanang iisa lamang ang gagamiting bilang o numero ng pagtatanghal sa lahat ng paligsahan gayundin sa Sekondarya.
3. Anumang katanungan at paglilinaw sa proseso ng paligsahan ay maaaring makipag-ugnayan sa Tagamasid Pansangay ng Filipino sa Division Office o tumawag sa mga numerong 09178343163.
4. Anumang resulta mula sa mga hurado ay pinal at hindi na mababago.
5. Ang mga unang tatlong magwawagi (mag-aaral at tagapayo) ay tatanggap ng sertipiko ng pagkilala
6. Lahat ng mga kalahok at tagapayo ay mabibigyan ng sertipiko ng pagdalo.

ISAHANG PAG-AWIT

1. Ang kalahok ay maaaring magmula sa Una, Ikalawa at Ikatlong Baitang.
2. Ang awit ay may kaugnayan sa paksa. Maaring bumuo ng sariling awit o maghanap ng gawang mga awiting Pilipino.
3. May nakalaang minimum na dalawang minuto hanggang sa maksimum na apat na minuto para sa pag-awit kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.
4. Mga Pamantayan sa Paghatol

| | |
|---|---|
| a. Tinig | 20% |
| b. Boses | 20% |
| c. Kasanayan/Pagkilos | 15% |
| d. Damdamin at ekspresyon | 20% |
| e. Nilalaman ng awitin | 15% |
| f. Kaugnayan sa paksa | 10% |
| | 100% |

KATUTUBONG SAYAW (Elementarya)

1. Ang mga kalahok ay maaaring manggaling sa Ikatlo o Ikaapat na Baitang sa Elementarya Ang piyesa ay ang sayaw na HABANERA NARCISEÑA.
2. Ito ay bubuuin ng walong (8) kalahok bawat pangkat (4 na lalaki at 4 na babae).
3. Ang pagtatanghal ay hindi dapat lalampas sa apat (4) na minuto kasama na ang pagpasok at paglabas sa tanghalan. Isang porsyento ang tatanggalin sa kabuuang puntos kung ang pagtatanghal ay lampas sa naitakdang oras.
4. Pamantayan sa Paghatol

| | |
|---|---|
| a. Pagkaawtentiko | 20% |
| b. Koryograpi | 25% |
| c. Koordinasyon | 25% |
| d. Angkop na Pantanghalang Kilos at Anyo | 15% |
| e. Kasuotan | 15% |
| | 100% |

BALAGTASAN

1. Ang kalahok ay binubuo ng tatlong mag-aaral na magmumula sa Baitang 4-6.
2. Ang paksa/piyesa ay may kaugnayan sa tema na maaaring magsaliksik o sariling akda.
3. May nakalaang tatlong minuto hanggang sa maksimum na limang minuto para sa pagtatalo.
4. Maghanda ng tatlong (3) kopya ng piyesa para sa mga hurado.
5. Mga Pamantayan sa Paghatol

| | |
|---|---|
| a. Kaangkupan sa tema at kaalaman sa paksa | 35% |
| b. Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha | 25% |
| c. Paglalahad ng mga patunay/ebidensya | 10% |
| d. Kabuuang Pagtatanghal | 20% |
| e. Kagamitan at Kaayusan | 10% |
| | 100% |

KATUTUBONG SAYAW (Sekondarya)

1. Ang mga kalahok ay manggagaling sa Baitang 7 at 8.
2. Ang pangkat ay binubuo lamang ng apat na mananayaw

3. Ang sayaw ay itatanghal sa limang (5) minuto hanggang pitong (7) minuto hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.
4. Mga Pamantayan sa Paghatol

| | |
|---|---|
| a. Pagkakaisa ng Kilos/Galaw | 35% |
| b. Kaalaman sa sayaw | 30% |
| c. Kasuotan | 15% |
| d. Kabuuan ng Pagtatanghal | 20% |
| | 100% |

DAGLIANG TALUMPATI

1. Ang kalahok ay magmumula sa Ikasiyam o Ikasampung Baitang
2. Ang tanong ay nakahanda para sa mga kalahok.
3. May nakalaang minimum na talong minuto hanggang sa maksimum na limang minuto para sa paglalahad ng ideya.
4. Pamantayan sa Paghatol

| | |
|---|---|
| a. Kaisahan ng mga ideya | 30% |
| b. Lakas at linaw ng boses | 20% |
| c. Paglalahad ng mga patunay | 25% |
| d. Pagsunod sa tamang oras | 10% |
| e. Kabuuang Paglalahad | 15% |
| | 100% |

MALIKHAING SABAYANG PAGBIGKAS

1. Ang mga kalahok ay dapat manggaling lamang sa Ikalabing-isa at ikalabindalawang Baitang (Grade 11 at 12).
2. Ang piyesa ay maaring bunga ng pagsasaliksik o sariling akda.
3. Maghanda ng tatlong (3) kopya ng piyesa para sa mga hurado.
4. Binubuo ito ng dalawampung (20) mag-aaral (10 lalaki at 10 babae).
5. May nakalaang minimum na limang minuto hanggang sa maksimum na pitong minuto para sa pagtatanghal kasama ang pagpasok at paglabas ng entablado. Kasabay ng paglabas ng entablado ang pag-alis ng mga ginamit na props.
6. Pamantayan sa Paghatol

| | |
|---|---|
| a. Kaugnayan sa tema | 30% |
| b. Kasanayan, Bigkas at Diin | 30% |
| c. Koryograpi, Galaw at Kumpas | 20% |
| d. Kasuotan at kagamitan | 15% |
| e. Dating sa Madla | 5% |
| | 100% |

TULAWIT/HARANA

1. Ang mga kalahok ay isang babae at isang lalaki na maaaring manggagaling sa Baitang 11 o 12.
2. Ang lahat ng usapan/dayalogo ay isasagawa sa pamamagitan ng awit o tula na gagawin. Maaring ito ay halaw sa nagawang awit o sariling katha na nilapatan ng sarling himig. Ipakikita ang pagiging madamdamin at wagas na pagsinta.
3. May nakalaang minimum na tatlong minuto hanggang sa maksimum na apat na minuto para sa pag-awit kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.
4. Mga Pamantayan sa Paghatol

| | |
|---|---|
| a. Boses | 25% |
| b. Indayog | 25% |
| c. Damdamin | 20% |
| d. Kaugnayan sa paksa at masteri | 20% |
| e. Pangkalahatang presentasyon | 10% |
| | 100% |

| | | |
|---|---|---|
| FACILITATORS: | IMELDA B. DOSONO | LUISA V. JAVIER |
| | JUMAR P. BARBADILLO | EXUDOR D. ROSALES |
| | ERIC PETER B. PAGANAO | MARLO A. BABIDA |
| | ELEANOR B. AFRICANO | RIZZA E. PERALTA |
| | SHIERLITA B. GAVANES | REYNALDO CALINAP |

BUWAN NG WIKA 2018
TALAAN NG MGA KALAHOK
ELEMENTARYA

DISTRITO: ________________________________________ Bilang: _________

(please PRINT)

| Patimpalak | Kalahok | Tagapagsanay | Paaralan |
|---|---|---|---|
| Isahang Pag-awit | 1. | | |
| KatutubongSayaw (HABANERA NARCISEÑA) | 1. | | |
| | 2. | | |
| | 3. | | |
| | 4. | | |
| | 5. | | |
| | 6. | | |
| | 7. | | |
| | 8. | | |
| Balagtasan | 1. | | |
| | 2. | | |
| | 3. | | |

BUWAN NG WIKA 2018
TALAAN NG MGA KALAHOK
SEKONDARYA

PAARALAN: ______________________________________________ Bilang: ____________

(please PRINT)

| PATIMPALAK | KALAHOK | TAGAPAGSANAY |
|---|---|---|
| DagliangPagtatalumpati | 1. | |
| KatutubongSayaw | 1. | |
| | 2. | |
| | 3. | |
| | 4. | |
| Malikhaing Sabayang Pagbigkas | 1. | |
| | 2. | |
| | 3. | |
| | 4. | |
| | 5. | |
| | 6. | |
| | 7. | |
| | 8. | |
| | 9. | |
| | 10. | |
| | 11. | |
| | 12. | |
| | 13. | |
| | 14. | |
| | 15. | |
| | 16. | |
| | 17. | |
| | 18. | |
| | 19. | |
| | 20. | |
| Tulawit/Harana | 1. | |
| | 2. | |